Disability Rights California

ADMINISTRATION
100 Howe Avenue, Suite 185N, Sacramento, CA 95825
Telephone: (916) 488-9955 Fax: (916) 488-2635

MGA PAYO SA PAGTATAGUYOD
(Advocacy Tips)

Maging Asertibo o Manindigan
May karapatan kang tumanggap ng mga serbisyo; ang mga trabahador ng kaso ay makakatulong sa iyong tumanggap ng mga serbisyo.

Kung Hindi Mo Naiintindihan, Magtanong
May karapatan kang tumanggap ng impormasyon mula sa bawat ahensiya sa isang paraang maiintindihan mo. Sabihin sa kanilang bigyan ka ng impormasyon sa iyong katutubong wika. Kung hindi mo naiintindihan ang sinasabi sa iyo ng isang tao, humingi ng karagdagang paliwanag. Magtanong hanggang sa maintindihan mo.

Ibahagi ang Impormasyon
Mahalaga ang iyong mga opinyon. Alam mo ang mga pangangailangan ng iyong anak gayon din ang mga propesyonal na gumawa ng pagtimbang sa iyong anak. Huwag matakot ibigay ang iyong mga opinyon.

Maging Handa
Bago ka pumunta sa pulong kung saan ang iyong kaso ay rerepasuhin, ipaalaala sa sarili kung ano ang gusto mo, at kung bakit gusto mo ito. Gumawa ng listahan ng mga tanong na gusto mong sagutin.

Mag-ingat ng mga Rekord
Ingatan sa isang file ang lahat ng papeles na may kinalaman sa kaso ng iyong anak. Mag-ingat ng isang talaarawan ng mga pakikipag-usap. Isulat ang pangalan ng bawat taong nakausap mo at kung kailan mo nakausap, at kung ano ang inyong pinag-usapan.

Humingi ng Tulong
Kung hindi panatag ang iyong kalooban na pumuntang mag-isa sa pulong, huwag gawin ito. Magsama ng isang kaibigan, miyembro ng pamilya o isang tagapagtaguyod. Lagi kang may karapatang magsama, at ang taong iyan ay madalas na nakakatulong na maituon mo ang pansin sa problema, isinusulat kung ano ang pinagpasiyahan at sinusuportahan ka.

Humandang Makinig
Pagkaraang humingi ka ng serbisyo o nagtanong, makinig sa sagot ng ahensiya. Kapag nakikinig ka, itanong sa sarili kung ang sagot na ibinigay nila ay sumasagot sa iyong tanong. Kung hindi ka sigurado tungkol sa sagot, magtanong pa.